



Ang mga stormwater drain markers ay nagpapaalala sa atin na tayo ay bahagi ng ating kapaligiran.



Paghuhugas ng Sasakyan

Pangalagaan ang Yamang-Tubig sa pamamagitan ng pagpigil ng anumang kontaminasyon

Iwasan ang magtapon

- Ang mga saludsod at tira-tirang mga materyales na ginagamit sa paglilinis ay linisin kaagad at iligpit. Pag-ingatan ang mga ito upang hindi mapunta sa “stormwater drainage system”.
- Gumawa ng spill response plan kung saan mayroong response kit na may mga lamang absorbent materyales na nakahanda at akma sa klase ng productong ginagamit o basurang naiipon sa inyong paselidad. Sanayin ang lahat ng mga empleyado na sundin ang spill reponse plan na ito at ituro sa kanila ang mga tamang pamamaraan ng paghuhugas ng sasakyan at wastong paggamit at pagligpit ng mga kemikals sakaling gumamit ng mga ito.
- Sanayin ang mga empleyado tungkol sa pinakamagandang pamamaraan ng pagtatapon ng mga duming-tubig na may halong kemikal. Seguraduhin na alam ng lahat ng empleyado kung papaano protektahan ang stormwater drainage sa maaring kontaminasyon.

Sakaling magkaroon ng aksidenteng pagka kalat kemikal sa kapaligiran, kaagad tumawag sa **Provincial Emergency Program (PEP)** sa **1.800.663.3456**. Sakaling ang kemikal na ito ay madaling nasusunog, nakakalason, o kaya mapanganib, tumawag kaagad sa **Surrey Fire Department** sa **911**.

Ang sinumang may kagagawan ng pagka kalat o kontaminasyon sa stormwater drainage system ay maaaring pananagutin sa environmental legislation:

- [Federal Fisheries Act](#)
- [BC Hazardous Waste Regulation](#)
- [BC Environmental Management Act](#)
- [Surrey By-law No. 16610](#)

Para sa karagdagang kaalaman

RCBC Recycle Hotline
604.732.9253

City of Surrey
Plumbing Section
604.591.4245

City of Surrey,
Drainage & Environment Section
604.591.4321

Metro Vancouver
Source Control
604.436.6777

Surrey Fire Department
604.543.6760

Kapag may nakitang natapon o itinapon na Kemikal sa mga palagusan, maaring tumawag sa [City of Surrey's Engineering Department](#) sa **604-590.7226**, pagkaraan ng 4:30pm sa **604-591-4431**.



Mga Pinakamahusay na Pamamaraan

Upang maiwasan na mapunta ang mga dumi at polusyon sa stormwater drainage system at dadaloy ang mga ito sa sapa, ilog at batis. Kasanayang sundin ang mga sumusunod:

- Para sa mga malalaking kompanya o komersyal na operasyon, kailangang may itinalagang “bermed wash area” sa lugar na kung saan ang duming tubig na ginagamit sa paghuhugas ay pupunta sa tinatawag na “sump” na nakakabit sa “sanitary sewer system” o kaya sa “holding tank” hanggang ang mga ito ay kokolektahin ng “waste disposal company”.
- Magkabit ng “oil-water separator” at “sidedment trap” bago ang ang duming itinapon mapunta sa “sanitary sewer system” o “holding tank”. Panatiliing gumagana ang sistemang ito sa lahat ng panahon.
- Iwasang doon pupunta ang malinis na stormwater sa pamamagitan ng pagkaroon ng permanenting bubungan sa “washing area”.
- Para sa mga residensyal na paghuhugas ng sasakyan., gawin ang paghuhugas sa may mga damuhang lugar at medyo mabato-bato upang maiwasang papasok sa stormwater drainage system ang kontaminadong tubig na ginamit sa paghuhugas.
- Ang mga “biodegradables”, “phosphate-free detergents at cleaners” ang mga magagandang opsyong gamitin. Pero iiwasan pa ring makapasok ang duming tubig sa “stormwater drainage system”.
- Ang maruruming tubig galing sa radiator flushing, steam cleaning, parts washing at pressure washing ay mga pinagmulan ng mga sidements, grasa at langis na kung maiipon ay magdulot ng pagkasira sa mga stormwater drainage system.
- Huwag maghugas ng mga sangkap at kagamitan sa mga lugar na malapit sa stormwater drainage system.
- Ang mga solusyong ginagamit na panglinis, pangpabango at pangpakintab ay itago ng maayos na lugar na hindi basta magkaroon ng pagkatapon ng mga ito.
- Lahat ng lumang solusyong ginamit na panglinis, pangpabango at pangpakintab ay kinakailangan itapon ayon sa pagsunod sa instruksiyon sa “manufacturer’s manual”. Sunding ang mga labels at direksiyon ng wastong pagtatapon ng mga ito. Maaring tumawag sa RCBC Recycling Hotline upang matulungan.

Paghuhugas ng Sasakyan

Ang paghuhugas, “steam cleaning” at “detailing” ng mga sasakyan ay gumagamit ng maraming produkto at solusyon upang maging malinis, makintab at mabango ang mga sasakyang nililinis, maging ito man ay kotse, trak at “heavy equipments”. Ang maruruming tubig na ginagamit sa operasyong ito ay may mga “sidements”, kemikals, “detergents”, langis, grasa, “pH” at iba pang kontaminasyong magdulot ng pagkasira ng ating kapaligiran kapag ang mga ito ay hayaang mapunta sa stormwater drainage system. Mayroong mahigit 1500 km na sapa at daluyan ng tubig ang Surrey. Ang mga sapang ito ay mga importanteng daanang-tubig at tirahan ng mga isda gaya ng salmon, trout, at iba pang hayop na nabubuhay sa tubig.

Bilang nagmamay-ari ng sasakyan o nagpapatakbo ng “auto washer”, ikaw ay may malaking papel na ginagampanan upang maprotektahan ang ating kapaligiran sa anumang polusyong nakakasira dito. Ang polusyon ay nakukuha sa mga sasakyang hinuhugasan at sa uri ng pamamaraan ng paghuhugas at kagamitang panglinis. Bagama’t maliit lamang ang polusyong nanggaling sa inyo, subalit ang mga kemikals at maruruming tubig na mula sa iba’t-ibang negosyo, na kung pagsasamahin, makapagbibigay ng malawakang pinsala sa ating mga yamang-tubig, sapa, ilog at batis.

